REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

*Tanggapan ng Pangalawang Kalihim*
*Office of the Undersecretary*

Direct Line: 687-41-46
Fax No.: 636-48-79
Trunk Line: 632-13-61 locals 2004 / 2106
E-Mail Address: hidalgo@i-next.net
Website: http://www.deped.gov.ph

DEC 22 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 478 s. 2003

PAMBANSANG SEMINAR SA WIKANG FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong guro ng mga Paaralang Publiko at Pribado

1. Ang Pambansang Samahan sa Lingwistikang Filipino (PSLF), sa pakikipag-ugnayan sa Aklan State University at sa pakikipagtulungan sa Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon ay magtataguyod ng Pambansang Seminar sa Filipino na may paksang "Palit-Lipat Paradaym sa Pagkatuto at Pagtuturo ng Wika at Panitikan". Ito ay gaganapin sa Auditoryum ng School of Fisheries and Marine Sciences ng Aklan State University, New Washington, Aklan sa Pebrero 18-20, 2004.

2. Pagkatapos ng seminar, ang mga kalahok ay inaasahang:

a. magkakaroon ng kaalaman sa iba't ibang teorya at simulain sa pagbuo ng binagong kurikulum sa Filipino;
b. masusuri ang sariling kahandaan sa pagpapatupad ng binagong kurikulum sa Filipino;
c. mabibigyan ng linaw ang mga isyung pangwika kaugnay ng pagpapatupad ng kurikulum; at
d. makabubuo ng sariling paradaym para sa pag-iimplementa ng kurikulum.

3. Inaasahang dadalo sa seminar na ito ang mga Panrehiyon/Pansangay na Superbisor sa Filipino, Tagapag-ugnay/Tagapangulo ng/sa Wikang Filipino at mga kinatawan ng mga paaralang elementarya, sekundarya at tersyarya pribado o publiko man. Ang mga manggagaling sa pampublikong paaralan ay pinahihintulutang dumalo sa **opisyal na oras lamang.**

4. Ang lahat ng dadalo ay magbabayad ng Dalawang Libong Piso (PhP2,000.00) para sa rehistrasyon na gugugulin sa 6 na meryenda, 3 tanghalian, seminar kit, handouts at iba pang gastusin kaugnay ng seminar na ito.

5. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan o tumawag sa mga sumusunod: Dr. Candelaria Cui-Acas, Direktor ng Seminar sa tel. blg. 736-25-26; Prof. Pat V. Villafuerte, Ka-Director sa tel. blg. 527-03-71 o cel. blg. 09175512719 o kay Prof. Erlinda L. Bautista, Aklan State University, School of Fisheries and Marine Sciences, New Washington, Aklan sa cel. blg. 09207977578.

6. Hinihiling ang agaran at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

FE A. HIDALGO
Undersecretary
Officer-in-Charge

Sanggunian:
Wala

Pamumudmod: 1- -(D.O. 50-97)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u>
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Paksang Aralin, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS

Maricar/dm-Sem. Sa Wikang Filipino
12-10-03